# Mga Madalas Itanong
## *Espesyal na Halalan sa California*
### *Nobyembre 4, 2025*

**Pagboto sa Espesyal na Halalan**

1. **Kailan ang espesyal na halalan?**
   Ang Araw ng Halalan ay Nobyembre 4, 2025. Maaari kang bumoto magmula Oktubre 6 sa karamihan ng mga opisina ng halalan ng county. Madami sa mga county ay nagbubukas ng lokasyon ng botohan mula Sabado, Oktubre 25 hanggang Martes, Nobyembre 4, 2025. Magtanong sa inyong lokal na opisina ng halalan o hanapin ang mga lokasyon ng botohan sa caearlyvoting.sos.ca.gov.

**2. Kuwalipikado ba akong bumoto?**

a. Para bumoto sa magaganap na espesyal na halalan, kinakailangan muna na naka rehistro kang bumoto. Maaari kang magparehistro kung natutugunan mo ang lahat ng mga sumusunod na kuwalipikasyon. Kinakailangan na ikaw ay:
   i. Isang U.S. Citizen at residente ng California
   ii. 18 taong gulang sa Araw ng Halalan
   iii. Hindi kasalukuyang nakakulong sa estado o pederal na bilangguan dahil nahatulan sa isang seryosong krimen o felony
   iv. Hindi kasalukuyang idineklara ng hukuman na walang kakayahan sa pagiisip upang bumoto

**3. Hindi ako nakarehistro para bumoto. Kailan ang huling araw ng pagrerehistro?**

a. Hanggang Oktubre 20, maaari kang magrehistro para bumoto online sa registertovote.ca.gov o kumuha ng porma sa DMV, opisina ng koreo, aklatan o library, o sa opisina ng halalan sa inyong county. Kung hindi ka umabot sa huling araw, maari ka paring magrehistro at bumoto ng personal.

b. Maaari kang magrehistro at bumoto ng personal sa inyong lugar ng botohan sa Araw ng Halalan. Sa ilang mga county, maaari kang mag rehistro ng personal at bumoto sa lugar ng botohan bago ang Araw ng Halalan. Hanapin ang mga lokasyon ng botohan sa caearlyvoting.sos.ca.gov.

**4. Paano at saan ako maaaring bumoto?**

Ipapadala ang mga balota sa pamamagitan ng koreo sa lahat ng rehistradong botante hanggang Oktubre 20. May tatlong pangunahing paraan upang bumoto: pagboto sa pamamagitan ng koreo, pagbalik ng balota sa lokasyon ng botohan o sa ligtas na drop box, o pagboto ng personal.

a. **Ihatid ang balota:** Maaari mong ibalik ang iyong balota sa opisina ng halalan sa iyong county o sa anumang lokasyon ng botohan. Maaari mong hanapin ang mga lokasyon ng drop box sa caearlyvoting.sos.ca.gov. Siguraduhing maibalik ang inyong balota bago mag alas-8 ng gabi sa Nobyembre 4.
b. **Bumoto sa Pamamagitan ng Koreo:** Maari mong ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreo. Hindi kailangan ng selyo! Sagutan ang iyong balota, pirmahan, lagyan ng petsa at ilagay sa sobre at i-seal. Siguraduhing matatakan ng koreo bago o hanggang Nobyembre 4.
c. **Bumoto ng Personal:** Ang Araw ng Halalan ay Martes, Nobyembre 4, 2025. Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula alas-7 ng umaga hanggang alas-8 ng gabi. Hanapin ang mga lokal na opisina ng halalan o lokasyon ng botohan sa caearlyvoting.sos.ca.gov.

**5. Kailan ko makukuha ang aking balota?**

Magsisimulang magpadala ng mga balota ang mga opisina ng halalan simula Oktubre 6. Kung ikaw ay nakapag rehistro ng bago o hanggang Lunes, Oktubre 20, matatangap mo ang iyong balota sa koreo.

**Proposisyon 50 (Proposition 50) at Pagbabago ng mga Hangganan ng Distrito o Redistricting**

**6. Bakit nagaganap ang espesyal na halalan? Ano ang nasa balota?**

Sa buong California, ang Proposition 50 ay nasa balota upang desisyunan kung papayagan ang mga bagong hangganan ng mga kongresyunal na distrito o Congressional lines para sa darating na halalan. Ang Congressional lines ang nagtatakda kung anong distrito ka nakatira at kung saan ka boboto kapag pipili ka ng hinalal na pinuno ng Kongreso ng U.S. Ang Proposisyon 50 ay ipinakilala at inaprubahan ng Gobernador ng California at ng lehislatura ng estado ng California bilang direktang tugon sa bagong itinalagang mga hangganan na gawa ng mga mambabatas ng estado ng Texas na lumikha ng mga bagong pwestong Republican sa Kongreso.

Ang ibang lugar ay magkakaroon din ng mga lokal na panukala sa balota.

**7. Lagi kong naririnig ang tungkol sa redistricting kapag pinaguusapan ang Proposisyon 50. Ano ba ito?**

a. Ang redistricting ay ang muling pagguhit ng mga linyang hangganan na sa nagtatakda ng mga pampulitikang distrito kung saan nakatira at bumoboto ang mga tao. Tuwing 10 taon, matapos ang Census sa U.S., ang redistricting ay nagbabalanse sa bilang ng mga residente na nakatira sa bawat distrito sa isang hurisdiksiyon o nasasakupang lugar. Halimbawa, ang redistricting ay tumutugon sa pagbabago sa populasyon sa pamamagitan ng pagpapantay-pantay ng bilang ng mga tao sa mga supervisorial na distrito sa isang county.

Ang redistricting na ginagawa matapos ang Census ay nagaganap sa bawat lebel ng gobyerno kung saan ang hurisdiksiyon ay may mga distrito. Nagbago ng mga hangganan ng mga kongresyunal na distrito sa California noong 2021.

b. Ang mga linya ng distrito ang nagtatakda hindi lamang kung saang distrito ka nakatira at kadalasan ito rin ang nagiimpluwensiya kung sino ang mananalo sa halalan at kung anong mga polisiya ang magiging priyoridad. Ito ay dahil ang bumubuo sa distrito ay maaaring magtakda kung mas marami ba ang mga nangungupahan o may-ari ng bahay, mas marami ang liberal o konserbatibo, mas maraming nakarita sa lungsod o sa mga suburb- ang lahat ng ito ay maaaring makaapekto kung sino ang tatakbo sa halalan at kung sino ang malamang na manalo.
c. Hindi nababago ng redistricting kung saang county o lungsod ka nakatira.
d. Ang Proposisyon 50 ay nagpapanukala ng tinatawag na “mid-decade” o sa kalagitnaan ng dekada na redistricting na iba sa tradisyonal na 10 taon na proseso ng redistricting.

**8. Maaapektuhan ba ng Proposisyon 50 ang ibang lebel ng pamahalaan?**
Hindi, kung papasa ang Proposisyon 50, ang mga distrito lamang ng U.S. House of Representatives ng California (kilala rin bilang mga kongresyunal na distrito) ang maaapektuhan. Hindi maaaring maapektuhan ang anumang ibang lebel ng pamahalaan. Ibig sabihin, hindi maaapektuhan ang senado ng iyong estado, kapulungan, supervisor ng county, konseho ng lungsod o lupon ng paaralan sa distrito.

**9. Para sa Proposisyon 50, ano ang ibig sabihin ng botong Oo at botong Hindi?**

a. Ang botong Oo ay sumusuporta sa pagpapatibay ng mga bagong hangganan ng mga kongresyunal na distrito
b. Ang botong Hindi ay tumatanggi sa pagpapatibay ng mga bagong hangganan ng mga kongresyunal na distrito

**10. Ilang boto ang kailangan upang pumasa ang Proposisyon 50?**
Papasa ang Proposisyon 50 kung higit sa 50% ng mga boboto sa espesyal na halalan ay boboto ng Oo.

**11. Anong mga kongresyunal na distrito ang magkakaroon ng malaking pagbabago kung pumasa ang Proposisyon 50?**

a. **Para sa interactive na mapa ng mga kasalukuyan linya at ang mga bagong panukalang linya, pumunta sa:** https://harvard-cga.maps.arcgis.com/apps/instant/sidebar/index.html?appid=d0d079d11395406a949564734ef62aed

**12. Mababago ba ang aking kongresyunal na distrito kung maaprubahan ng mga botante ang Proposisyon 50? Paano?**

a. **Alamin kung at papaano magbabago ang iyong kongresyunal na distrito sa pamamagitan ng paghanap ng iyong tirahan o address sa:** https://calmatters.org/politics/2025/08/find-out-if-your-vote-could-be-affected-by-newsoms-redistricting-plans.

**13. Kung pumasa ang Proposisyon 50, gaano katagal mananatili ang mga bagong kongresyunal na distrito?**

a. Ang mga bagong distrito ay mananatili mula 2026 hanggang sa susunod na siklo ng redistricting sa taong 2031.
b. Sa 2026, magkakaroon ng halalan para sa bawat upuan sa Kapulungan ng mga Kinatawan sa Kongreso sa buong bansa. Kung pumasa ang Proposisyon 50, ang mga bagong distrito ay gagamitin sa halalang primarya ng California sa Hunyo 2026.

**14. Anong mangyayari kung hindi pumasa ang Proposisyon 50?**

Kung hindi approbahan ng mga botante ang Proposisyon 50, sa pamamagitan ng nakararaming boto, ang kasalukuyang mga linya ng kongresyonal na distrito ng California ay mananatili hanggang 2031.

**15. Ang California ba ay may independent na pangbuong estadong komisyon para sa redistricting?**

**Ang California ay may independent na pangbuong estadong komisyon para sa redistricting** na gumuguhit sa mga linya para sa kapulungan, Senado ng Estado, at Kongreso kada 10 taon. Kahit na ang komisyong ito ay hindi sumali sa mid-decade o sa kalagitnaan ng dekada na redistricting, kinukumpirma ng Proposisyon 50 ang muling pagguhit ng mga linya ng Komisyon sa taong 2031.

**16. Ano pang ibang estado ang gumagawa ng "mid-decade" o sa kalagitnaan ng dekada na redistricting?**

Mula Setyembre 2025, ang mga sumusunod na estado ay muling iginuhit ang mga hangganan ng kanilang mga kongresyunal na distrito o napagusapan na ito: Texas, Missouri, and Ohio. Ang ibang mga estado na maaring mag-redistrict are Florida, Illinois, Indiana, Kansas, Maryland, Ohio, South Carolina, and Utah.